

**PORMA NG PAGSANG-AYON PARA MAGSAGAWA NG
PAGSISIYASAT NG KUTO SA ULO**

Pahintulot ng pagsasagawa sa panahon ng

Pag-aaral ng estudyante sa:

(insert school details)

Sa panahon ng pag-aaral ng anak ninyo, makikipag-ayos ang paaralan upang magsagawa ng pagsisiyasat ng kuto sa ulo ng mga estudyante.

Ang pamamahala ng impeksiyon ng kuto sa ulo ay magiging maayos kung ang lahat ng mga bata sa aming programa ay kasama sa programa ng pagsisiyasat.

Batid ng paaralan na ito ay maaaring maging isang sensitibong isyu at nangangako sa pananatili ng pagiging kompidensiyal at pag-iwas sa kahihyan..

Ang pagsisiyasat ng mga estudyante ay isasagawa ng sinanay na taong may pahintulot ng prinsipal at school council.

Bago isagawa ang pagsisiyasat ipaliliwanag ng taong nagsisiyasat sa lahat ng mga estudyante kung ano ang ginagawa at bakit at bibigyang diin sa mga estudyante na ang pagkakaroon ng kuto sa ulo sa kanilang buhok ay di nangangahulugan na ang kanilang buhok ay hindi mas malinis o hindi pinanatiling maayos kaysa sa iba. Ituturo rin sa kanila na ang kuto sa ulo ay maaaring maging makati at nakayayamot at kung nalaman mong mayroon ka nito, may magagawa ka tungkol dito.

Ang taong magsasagawa ng pagsisiyasat ay sisiyasating mabuti ang buhok ng bawa't estudyante upang makita kung may kuto o mga itlog dito.

Ang taong binigyang autoridad ng prinsipal ng paaralan ay maaari ring tignan lang ang buhok ng inyong anak kung mayroon siyang kuto sa ulo, kung mayroon mang paghinalang may kuto sa ulo. Sa pagtinging pagsisiyasat (visual check) hindi nila mismong hihipuin ang ulo ng bata.

Kung sakaling makakita ng kuto sa ulo, ipaalam sa guro at prinsipal ng taong nagsisiyasat sa estudyante **(ilagay ang iba pa kung kinakailangan)**. Gagawa nang nararapat na pakikipag-ugnayan ang paaralan sa mga magulang/mga tagapag-kalinga/mga tagapag-alaga.

Mangyaring pansinin na ang pangkalusugang regulasyon ay nangangailangan na kung saan ang batang may kuto sa ulo ay hindi kailangang bumalik sa eskuwela hangga't hindi pa nagsisimula ang nararapat na pagpapagamot. Maaaring humiling ang eskuwela ng pagkumpleto ng isang 'porma ng isinagawang aksiyon' (action form), na nangangailangan para sa mga magulang/mga tapag-kalinga/mga tagapag-alaga na itakda kung at kailan nagsimula ang pagpapagamot.

Buong pangalan ng Magulang/Tagapag-kalinga/tagapag-alaga:

Buong pangalan ng Magulang/tagapag-kalinga/tagapag-alaga:

Tirahan:..... Pangkoreong kodigo:.....

Pangalan ng batang nag-aaral sa eskuwela:.....

Pinahihintulutan ko ang batang nakapangalan sa itaas na lumahok sa programa ng pampaaralang pagsisiyasat ng kuto sa ulo sa panahon ng kanilang pag-aaral sa paaralang ito.

Lagda ng magulang/tagapag-kalinga/tagapag-alaga: Petsa

Lagda ng magulang/tagapag-kalinga/tagapag-alaga: Petsa.....

Mangyaring ipaalam sa eskuwela kung ang pag-aalaga/pangangalaga ay nagbago para sa inyong anak, dahil ito ang porma na kailangang ipalagdang-muli (re-signed) upang ipakita ang mga pagbabago. Mangyaring ipaalam din sa pamamagitan ng pagsulat sa eskuwela na hindi na ninyo ninanais bigyang pahintulot ang eskuwelahang magsiyasat ng kuto sa ulo sa anak ninyo.